Malawakang kaalaman:

- Madalas hindi nabibigyang-pansin ang mga batang may kapansanan, at hindi naisaasali sa mga gawain ng ibang bata
- Tulad ng iba, nangangailangan din ang mga batang ito ng pagmamahal, pagsuyo, at seguridad upang hindi sila makaramdam ng takot, kabuwayan, kalungkutan, o pagsisi
- Kakailanganin ng ibang mga batang may kapansanan ng karagdagang tulong upang lubos na makilahok sa mga gawain sa lugar-pambata
- Hayaan ang mga batang ito at ang kanyang mga magulang o tagapangalagang bigyan kayo ng mungkahi para sa kanyang espesyal na pangangailangan
- Isali ang lahat ng kabataan sa pamamagitan ng paghimok sa kanilang isama ang mga batang may-kapansanang makiupo, maki-laro, makipag-usap o makikanta, makipagkuwentuhan, o patawanin sila gamit ang mga biro o laro
- Kinakatakutan ng ibang magulang na hindi makasasali ang kanilang mga anak dahil sa kanilang kapansanan o 'di kaya'y tuksuhin sila ng ibang mga bata; siguraduhing bigyang panahon ang pagpapagaan ng kanilang loob at ipaliwanag sa kanila ang pakinabang ng pakikisalimuha ng kanilang anak sa ibang mga bata



HANDICAP INTERNATIONAL

Contact us for more information:

HANDICAP INTERNATIONAL

Philippines:
Tel: +63 (2) 812 6990 / +63939 3981568
Fax: +63 (2) 817 0147
42, Ponce Street, San Lorenzo Village
1223 Makati City, Philippines
hi.astcoordo.manila@gmail.com

HQ:
Emergency Response Department
+33 (0) 4 78 38 40 20
office@handicap-international-atlas.org

HANDICAP INTERNATIONAL

www.handicap-international.org

Mga Paraan upang Makabilang ang mga Batang May-Kapansanan sa mga Lugar-Pambata

... kinakailangang bukas at sensitibo sa kultura ang bawat lugar-pambata sa LAHAT ng bata...

HANDICAP INTERNATIONAL

Mga paraan ng pagsasali sa batang limitado ang paggalaw:

- Magbigay ng mga bagay na hindi na ginagamit (hal. tela, bato, buhangin, bote, papel, atbp.) upang makagawa sila ng laruan at libangan para sa sarili nila at ibang mga bata
- Kung gumagamit ang bata ng instrumentong tumutulong sa kanyang paggalaw, siguraduhing mayroong angkop na espasyo para rito; makatutulong din ang ibang mga bata
- Pumili ng mga laro at gawaing hindi nangangailangan ng maraming paggalaw
- Gamitin ang imahinasyon upang makahanap ng paraan upang makasali ang bata

Mga paraan ng pagsasali sa batang limitado ang paggamit sa kanyang mga kamay:

- Pumili ng mga larong pag-awit at paggalaw na hindi kinakailangan ng kagamitan o laruan
- Kung nagagamit ng bata ang kanyang mga paa, gumawa ng mga larong isinisipa at linalaro ang paa habang nakaupo

HANDICAP INTERNATIONAL

Mga paraan ng pagsasali sa batang may kahirapan sa paningin:

- Pumili ng pakanta o paggalaw na laro, at gumamit ng mga laruang gumagawa ng ingay
- Kuwentuhan sila
- Siguraduhing basahin nang malakas ang lahat ng impormasyon at panuto

Mga paraan ng pagsasali sa batang nahihirapang makinig o magsalita:

- Pumili ng mga larong hindi nangangailangan ng panutong berbal
- Bigyan sila ng mga libro o mga librong de-larawan para sa kanilang pagbasa o pagtingin
- Magtanghal ng mga dula kung saan maaaring magkaroon ang bata ng papel na hindi nangangailangan ng pagsasalita
- Gumamit ng iba't ibang pamamaraan ng pakikitungo, tulad ng *picture boards,* panutong nakasulat, o *sign language*

HANDICAP INTERNATIONAL

Mga paraan ng pagsasali sa batang mabagal umintindi o may sakit o kapansanang hinggil sa pag-iisip:

- Magbasa ng kuwento para sa kanila o maglaro ng simpleng larong pagbibilang
- Ibigay ang mga panuto gamit ang malinaw at simpleng pananalita
- Maglaro ng iba't ibang sports
- Gawing kasangkapan ang mga bagay na hindi na ginagamit tulad ng diyaryo o bote sa paggawa ng simpleng mga laruan
- Magtanghal ng mga dula at kumanta

Iba-iba ang kakayahan ng bawat bata

Pagtuunan at alamin ang mga kakayahan ng mga bata sa inyong grupo na may-kapansanan !



HANDICAP INTERNATIONAL